

Protokol para sa mga Kampong Pang-araw: Appendix K

Tandaan: Ang dokumentong ito ay madalas na binabago. Mangyaring tingnan ang petsa na nasa webpage para sa pinakabagong bersyon.

Kamakailang mga pagbabago:

6/16/22

- Mga pagbabago sa pamamaraan ng pag-uulat para sa mga pagkakatanda sa COVID-19 sa ligtas na aplikasyon ng web online, SPOT (Shared Portal for Outbreak Tracking)
- Nagdagdag ng gabay para sa Mga Pinakamahuhusay na Gawi sa Pagpigil sa COVID-19 para sa Panloob na Bentilasyon ng Dyimnasyum

4/14/22

- Kaunting paglilinaw patungkol sa maririing rekomendasyon para sa pananalala (screening) ng sintomas at pana-panahong pagsusuri.

Ang mga kaso, pagpapahospital, pagkamatay sa COVID-19 ay lubhang nabawasan pagkatapos ng pagtaas noong panahon ng taglamig, ngunit patuloy pa rin nagbabadya ng panganib ang COVID-19 sa mga komunidad, lalong-lalo na sa mga indibidwal na mas mahina sa malubhang sakit at mga kinahihinatnan ng COVID-19, kabilang ang mga mas nakatatanda, mga taong mahina ang imyunidad (immunocompromised) o may mga pinagbabatayang kondisyon sa kalusugan, pati na rin ang sinuman na nananatiling hindi pa nabakunahan. Dapat na magpatuloy gumawa ang lahat ng mga pag-iingat para mabawasan ang panganib ng pagkalat upang maprotektahan ang pinaka-mahihina sa ating hanay. Ang gabay sa ibaba ay partikular sa mga Kampong Pang-araw at dinisenyo upang mabawasan ang panganib ng transmisyong ng sakit at mga pagsiklab sa mga kapaligirang iyon. Mangyaring tandaan na ang mga negosyo tulad ng mga kampong pang-araw ay malaya sa pagiging mas mahigpit sa kanilang mga patakaran sa kaligtasan kaysa sa mandato ng mga utos ng County.

Mangyaring tandaan: Maaaring baguhin ang dokumentong ito kapag may nagagamit na mga karagdagang impormasyon at mapagkukunan kaya't siguruhin na tingnan nang regular ang website ng LA County <http://www.ph.lacounty.gov/media/Coronavirus/> para sa anumang mga pagbabago sa dokumentong ito.

Sinasakop ng listahang (checklist) ito ang:

- (1) Mga patakaran at kasanayan sa lugar ng trabaho para protektahan ang kalusugan ng empleyado
- (2) Mga hakbang para lumikha ng distansyang pisikal kung saan magagawa
- (3) Mga hakbang para mapaghusay ang kontrol ng impeksyon.
- (4) Komunikasyon sa mga empleyado at publiko
- (5) Mga hakbang para masigurado ang pantay-pantay na akses sa mga kritikal na serbisyo

Ang limang pangunahing larangang ito ay dapat na matugunan habang ang iyong pasilidad ay nagbubuo ng anumang mga protokol sa muling pagbubukas.

Ang lahat ng mga Kampong Pang-araw na sakop ng gabay na ito ay dapat na magpatupad ng hangga't maaaring dami ng naaangkop na hakbang na nakalista sa ibaba kung ito ay praktikal. Ang pagpapatong-patong ng maraming estratehiya sa pagkontrol ay ang pinakamahusay na paraan para pahusayin ang kaligtasan ng iyong programa at mga pasilidad.

Pangalan ng
Kampong Pang-araw:

Address ng
Pasilidad:

A. MGA PATAKARAN AT KASANAYAN SA LUGAR NG TRABAHO PARA PROTEKTAHAN ANG KALUSUGAN NG EMPLEYADO (LAGYAN NG TSEK ANG LAHAT NG NALALAPAT SA PASILIDAD)

- Ang lahat ng mga empleyado (kabilang ang bayad na mga kawani at boluntaryo; tinutukoy nang sama-sama bilang “mga empleyado”) ay sinabihan na huwag pumasok sa trabaho kung may sakit. **Ang sinuman na may bagong pagsisimula ng mga sintomas na tumutukoy sa COVID-19 ay mariing inirerekomenda na sumailalim sa dayagnostikong pagsusuri gamit ang pagsusuri sa COVID-19 na awtorisado ng FDA, na maaaring kabilangan ng pangangasiwa sa sarili ng mga pagsusuri na hindi nireresetahan. Ang sinumang nasuring positibo o sinabihan ng tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan (health care provider) na sila ay pinaghihinalaan na mayroong COVID-19, ay dapat na sumunod sa mga tagubilin ng DPH para sa [sariling pagbubukod \(self-isolation\)](#). Ang may sintomas (symptomatic) na empleyado na hindi kumokonsulta sa medikal na tagapagbigay (medical provider) o hindi nagpapasuri ay dapat na magbukod nang 10 araw.**
- Ang mga patakarang sa bakasyon sa lugar ng trabaho ay nirepaso at binago upang siguraduhin na ang mga empleyado ay hindi napaparusahan kapag sila ay nanatili sa bahay nang dahil sa sakit.
- Mariing hinihiyayat na ang lahat ng mga manggagawa (mga bayad na empleyado at boluntaryo) ay maging napapanahon sa mga pagpapabakuna at pampalakas na bakuna (boosters) sa COVID-19.
- Ang mga amo (employers) na mayroong mga empleyado na pangmatagalang nagtatrabaho sa kampo ay maaaring isaalang-alang ang pagbubuo ng isang programa ng pagsusuri sa COVID-19 na nag-aalok ng lingguhang pagsusuri sa lahat ng mga manggagawa na maaaring makaharap ng iba pang mga manggagawa, suportang kawani, o mga dumadalo. Ang pagsusuri sa mga manggagawa na hindi pa ganap na napapanahon sa kanilang pagpapabakuna sa COVID-19 ay dapat na maging prayoridad.
- Sa oras na napagbigay-alam na isa o mas marami pang empleyado ang nasuring positibo, ang amo (employer) ay may plano o protokol na naisaayos para agad na ibukod ng (mga) kaso ang kanilang mga sarili at siguraduhin na ang lahat ng empleyado na nagkaroon ng pagkakalantad sa (mga) kaso sa lugar ng trabaho at inaatasan na magkulong ng sarili (self-quarantine) ay hindi papasok sa trabaho hanggang sa pahintulutan na magbalik alinsunod sa mga utos ng Pampublikong Kalusugan. Tingnan ang [Pagtugon sa COVID-19 sa Lugar ng Trabaho](#) para sa mas mas marami pang impormasyon. Ang plano ng amo ay dapat na isaalang-alang ang isang protokol para sa lahat ng nalantad na empleyado na magkaroon ng akses sa pagsusuri sa COVID-19 para sa maagang pagtukoy ng mga karagdagang kaso at upang mapagpasyahan kung nagkaroon pa ng mga karagdagang pagkakalantad sa lugar ng trabaho, na maaaring kailanganin ng karagdagang mga hakbang sa pagkontrol ng COVID-19.
- Ang pagsasala sa pasukan (entry screenings) ay mariing inirerekomenda bago pumasok ang mga empleyado, iba pang mga pangsuportang tao, at bisita sa lugar ng trabaho. Inaatasan ng Cal/OSHA ang mga amo na bumuo at magpatupad ng isang proseso para sa pagsasala sa mga empleyado sa mga sintomas ng COVID-19 bago pumasok sa lugar ng trabaho. Tingnan ang dokumento na [Pagsasala sa Pasukan ng DPH](#) para sa dagdag pang mga detalye at pagpipilian para sa pagsusuri. Maaaring sundin ng kampo ang gabay ng DPH na nasa [Mga Landas ng Desisyon sa Sintomas para sa mga Empleyado sa mga TK-12 na Paaralan](#) para sa mga taong nasuring positibo sa mga sintomas bago pumasok sa lugar ng trabaho o habang nasa lugar ng trabaho. Dapat na isama sa pagsasala ang pagtatanong tungkol sa mga sintomas na tumutukoy sa posibleng impeksyon ng COVID-19 na nakalista sa Mga Landas ng Desisyon at kung ang indibidwal ay kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod o pagkukulong o mayroong napag-alamang pagkakalantad sa taong nahawahan ng virus ng COVID-19. Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin nang malayuan (remotely) bago ang pagdating o personal sa oras ng pagdating ng mga empleyado.
- Ang mga kampong pang-araw ay **inaatasan** na abisuhan ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng lahat ng mga indibidwal na may kumpirmadong COVID-19 na nasa lugar sa anumang punto sa loob ng 14 na araw bago ang petsa ng pagsisimula ng sakit. Ang petsa ng pagsisimula ng sakit ay ang unang araw ng mga sintomas ng COVID-19, o ang petsa ng pagsusuri sa COVID-19, alinman ang mas maaga.
- Ang online na pag-uulat ay ang mas piniling paraan para abisuhan ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa mga pagkakalantad sa COVID-19 sa pasilidad at maaaring gawin sa kompyuter o mobile na aparato na may akses sa ligtas na aplikasyon ng web na SPOT (Shared Portal for Outbreak Tracing): https://spot.cdph.ca.gov/s/?language=en_US. Kung may maraming mga kasong iuulat, maaaring isumite ng mga pasilidad ang kanilang mga ulat gamit ang “Bulk Upload Template” na [matatagpuan sa loob ng SPOT Portal](#). Ang lahat ng mga abiso sa kaso ay dapat na isumite sa loob ng **1 negosyong araw** ng pagkakaroon ng kamalayan sa kaso ng kawani ng kampo.
- Sa kaganapan na 3 o mas marami pang kaso ng COVID-19 ang natukoy sa loob ng pasilidad sa tagal na 14 na araw, dapat na iulat **agad** ng amo ang kumpol (cluster) na ito sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan gamit ang pamamaraan sa pag-uulat na inilarawan sa itaas. Makikipagtulungan ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa kampong pang-araw para malaman kung ang kumpol na ito ay pagsiklab na mangangailangan ng imbestigasyon sa pagsiklab ng pampublikong kalusugan.
- Patakarang na magbigay ng mga maskara na mataas ang antas sa lahat ng empleyado ng kampo** sa oras na hilingin. Mariing inirerekomenda ngunit hindi inaatas na ang magsuot ang mga empleyado ng mga pang-operang grado na maskara (na tinatawag rin na medikal na pamamaraang maskara) o mas mataas na antas na PPE (hal., mga KN95 o N95 na maskarang respireytor) sa mga panloob na lugar (indoors). Para sa mga nagsusuot ng mga pang-operang maskara, ang dobleng pagmamaskara, na may telang pantakip ng mukha sa ibabaw ng pang-operang maskara, ay inirerekomenda para sa pinahusay na proteksyon. Inaatasan

ang mga amo na magbigay, kung hihilingin, para sa boluntaryong paggamit, ng mga lapat na kasyang medikal na maskara at respireytor nang walang gastos sa mga empleyado, na nagtatrabaho sa mga panloob na lugar at may pakikisalamuha sa iba. Mangyaring tandaan, na inaatasan ng CAL/OSHA na ang mga amo (employers) ay magbigay ng mga respireytor kung hihilingin para sa boluntaryong paggamit sa sinumang hindi pa nabakunahang empleyado na nagtatrabaho sa mga panloob na lugar o nasa pinagsasaluhang mga sasakyan.

- Mariing inirerekomenda ngunit hindi inaatas na ang lahat ng mga empleyado ay magsuot ng maskara sa lahat ng oras kapag nasa mga panloob na lugar maliban kapag nagtatrabaho mag-isa sa mga pribadong opisina na sarado ang mga pinto o kapag kumakain o umiinom.
- Inirerekomenda na mabawasan ang dami ng umuokupa at palawigin ang espasyo sa pagitan ng mga empleyado, kung magagawa, sa anumang silid o lugar na ginagamit ng maraming empleyado para sa kainan at/o panandaliang pamamahinga (breaks). Magagawa ito sa pamamagitan ng:
 - Pagpapaskil ng pinakamaraming pag-okupa (maximum occupancy) na hindi pabago-bago sa pagpapagana ng distansya na hindi bababa sa anim na talampakan sa pagitan ng mga indibidwal sa mga silid o lugar na ginagamit para sa panandaliang pamamahinga; at
 - Paghahalinhan sa mga oras ng panandaliang pamamahinga o kainan para mabawasan ang dami ng umuokupa sa mga silid o lugar na ginagamit para sa mga kainan at panandaliang pamamahinga; at
 - Pagpupuwesto ng mga mesa na hindi bababa sa walong talampakan ang agwat at pagsisigurado sa anim na talampakan sa pagitan ng mga upuan, pagtanggap o pagteteyp sa mga upuan para mabawasan ang dami ng umuokupa, paglalagay ng mga tanda (markings) sa sahig upang masigurado ang pagdistansya, at pag-aayos sa upuan sa paraan na pinabababa ang harapang (face-to-face) pakikisalamuha. Ang paggamit ng mga partisyon sa pagitan ng mga mesa at upuan ay maaaring isaalang-alang rin ngunit hindi pamalit para sa pagbabawas ng dami ng umuokupa at paglikha ng distansyang pisikal.
- Ang mga banyo at iba pang mga pangkaraniwang lugar ay madalas na nililinis, ngunit hindi bababa sa isang beses man lamang kada araw sa mga oras ng operasyon, sa sumusunod na iskedyul:
 - Mga banyo _____
 - Iba pa _____
- Ang pandisimpekta at mga nauugnay na suplay ay makukuha ng mga empleyado sa (mga) sumusunod na lokasyon:

- Ang sanitizer para sa kamay na epektibo laban sa COVID-19 ay makukuha ng lahat ng empleyado sa (mga) sumusunod na lokasyon:

- Pinaaalalahanan ang mga empleyado na hugasan nang madalas ang kanilang mga kamay.
- Naipamahagi na ang kopya ng protokol na ito sa bawat empleyado.
- Subaybayan ang pagliban (absenteeism) ng mga kawani at magkaroon ng pangkat ng sinanay na kahaliling kawani kung saanman magagamit.
- Ang lahat ng mga patakaran na inilarawan sa listahang (checklist) ito maliban sa mga may kaungayan sa mga alituntunin ng pagtatrabaho ay inilalapat sa mga kawani ng paghahatid (staff of delivery) at alinmang iba pang mga kumpanya na maaaring nasa nasasakupang lugar bilang mga ikatlong Partido.
- Opsyonal—Ilarawan ang iba pang mga hakbang:

B. MGA HAKBANG UPANG MAKAGAWA NG DISTANSYANG PISIKAL

PAGDATING AT PAG-ALIS

- Kung ang mga sasakyang pangtransportasyon (hal., mga bus) ay ginagamit ng Kampo, dapat na sanayin ng mga nagmamaneho ang lahat ng mga gawaing pangkaligtasan at mga protokol tulad ng binanggit para sa iba pang mga kawani (hal., kalinisan ng kamay, mga maskara, at distansyang pisikal).
 - Mariing inirerekomenda ang mga maskara, ngunit hindi inaatas, para sa mga nagmamaneho at pasahero.
 - Panatiliing bukas hangga't maaari ang mga bintana para mapanatili ang mahusay na bentilasyon. Iwasang gumamit ng mga opsyon sa muling pagpapaikot ng hangin habang may mga pasahero sa sasakyan; gamitin ang mga pasingawan ng sasakyan upang magpasok ng sariwang hangin mula sa labas.

- Mariing inirerekomenda ngunit hindi inaatas na ang lahat ng mga kamper, kawani, at bisita edad 2 taon pataas ay magsuot ng maskara sa mga panloob na lugar (indoors). Ang mga batang edad 2 hanggang 8 ay dapat na magsuot ng mga maskara na may pangangasiwa ng matanda.
- Gawing halinhinan ang mga oras at lokasyon sa pagdating at pagbaba, kung magagawa, upang mabawasan ang pasisiksikan, nang hindi lumilikha ng mga hamon sa pag-iiskedyul para sa mga pamilya.

ESPASYO SA PAGLILIBANG

- Mariing inirerekomenda ngunit hindi inaatas na ang lahat ng bisita at kamper ay magsuot ng mga maskara na mataas ang antas sa mga panloob na lugar habang nasa kampo, maliban kung lumalangoy, umiidlip, kumakain/umiinom. Sa pinakamababa, ang mga maskara ay dapat na mga lapat na kasyang hindi telang maskara na may maraming patong ng hindi hinabing materyales na may kawing sa ilong. (Ang mga telang maskara na nakakatugon sa mga pamantayan ng ASTM para sa mataas na kahusayan sa pananala [ASTM F3502-level 2] ay nakakatugon rin sa mga rekomendasyon para sa mga maskara na mataas ang antas.) Tingnan ang ph.lacounty.gov/masks para sa mas marami pang impormasyon). Ang rekomendasyong ito ay nalalapat sa lahat ng mga matatanda at sa mga bata na 2 taong gulang pataas. Para suportahan ang kaligtasan ng iyong mga empleyado, kamper at bisita, isaalang-alang ang pagbibigay ng mga maskara na magagamit ng mga bisita at kamper na humiling sa mga ito at dumarating na walang suot nito.
- Sagarin ang espasyo sa pagitan ng mga upuan, mesa, at higaan.
- Pababain ang mga naroroon na mga hindi kinakailangang bisita at boluntaryo.
- Gumamit ng mga alternatibong espasyo kung kinakailangan, kabilang ang paglulubos sa regular na paggamit ng panlabas na espasyo, kung pinahihintulutan ng lagay ng panahon, at ang paggamit ng mga kapiterya at iba pang malalaking panloob na espasyo para bigyaang-daan ang distansyang pisikal.
- Para sa mga aktibidad na lumilikha ng mga maliliit na patak sa palahingahan tulad ng matinding pagbibinat o pagkanta, dagdagan ang distansya sa pagitan ng mga indibidwal upang maiwasan ang pagsisiksikan, at, kapag kaya, gawin sa labas ang mga aktibidad na ito.
- Magbigay ng mga pisikal na gabay, tulad ng teyp sa mga sahi o bangketa at mga palatandaan sa mga pader, upang tulungan ang mga kawani at dumadalo na maiwasan ang pagsisiksikan kapag nasa pila at sa iba pang mga oras (hal., mga gabay pangdireksyon para sa paggawa ng “mga ruta na isahan ang daan” sa mga pasilyo at lugar ng kainan).

KAINAN

- Kung magagawa, gawing ang mga dumadalo at mga kawani ng kampo na kumain at magmeryenda sa mga panlabas na lugar o sa mga espasyo na mahusay ang bentilasyon habang pinapanatili ang distansyang pisikal hangga’t maaari.
- Kung naghahain ng pagkain sa panloob na lugar ng sama-samang kainan (communal dining area), inirerekomenda na isaayos ang mga hakbang para gumawa ng distansyang pisikal at dagdagan ang bentilasyon.

C. MGA HAKBANG SA PAGKONTROL NG IMPEKSYON

- Magtalaga ng kawaning tao (hal., nars ng kampo o tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan) na magiging responsable para sa pagtugon sa mga pagkabahala sa COVID-19. Dapat na alam ng lahat ng kawani ng kampo at mga pamilya kung sino ang taong ito at kung paano sila makokontak. Ang indibidwal na ito ay dapat na sinanay upang pagtugmain ang dokumentasyon at pagsusubaybay ng mga posibleng pagkakalantad, upang maabisuhan ang mga opisyal ng lokal na kalusugan sa lahat ng mga kaso ng COVID-19 sa lugar sa loob ng 1 negosyong araw ng pagkakaabiso sa kaso.
- Siguraduhin ang sapat na suplay upang masuportahan ang mga pag-uugali sa malusog na kalinisan, kabilang ang sabon, mga tisyu, hindi hinahawakang basurahan at mga sanitizer para sa kamay na may hindi bababa sa 60 porsyentong ethyl alcohol para sa mga kawani at sa mga kamper na ligtas na makakagamit ng sanitizer para sa kamay.
- Ituro sa mga kamper ang sumusunod na mga personal na pamprotektang hakbang
 - Regular na paghuhugas ng mga kamay bago at pagkatapos kumain; pagkatapos umubo o bumahin; pagkatapos na manggaling sa labas; at pagkatapos na gamitin ang banyo.
 - Iwasan ang paghawak sa iyong mga mata, ilong, at bibig
 - Takpan ang mga pag-ubo at pagbahin
 - Gumamit ng tisyu para punasan ang iyong ilong at umubo/bumahin sa loob ng tisyu o iyong siko

- Isaalang-alang ang mga gawi sa pagpapagana sa mga kawani ng kampo at kamper na regular na hugasan ang kanilang mga kamay ng halinhinang agwat.
- Ang mga kamper at kawani ay dapat na maghugas ng kanilang mga kamay nang 20 segundo gamit ang sabon, maiging kinukuskos pagkatapos ng paglagay, at gumamit ng mga tuwalyang papel (o isahang gamit na mga telang tuwalya) para tuyuin nang maigi ang mga kamay.
- Dapat na ipakita at laging gawin ang paghuhugas ng kamay ang mga kawani. Halimbawa, para sa mga mas batang kamper, gamitin ang oras sa banyo bilang pagkakataon para mapagtibay ang mga malulusog na gawi at masubaybayan ang wastong paghuhugas ng kamay.
- Dapat na gumamit ng sanitizer para sa kamay ang mga kamper at kawani kapag hindi praktikal ang paghuhugas ng kamay. Dapat na ikuskos sa mga kamay ang sanitizer hanggang ganap na matuyo. Tandaan: ang madalas na paghuhugas ng kamay ay mas epektibo kaysa sa paggamit ng mga sanitizer para sa kamay, lalong-lalo na kapag nakikitang madumi ang mga kamay.
- Ang mga bata na wala pang 9 na taong gulang ay dapat na gumamit ng sanitizer para sa kamay sa ilalim ng pangangasiwa ng matanda. Tawagan ang Kontrol ng Lason (Poison Control) kung malulunok ito: 1-800-222-1222. Ang mga sanitizer para sa kamay na may ethyl alcohol ay mas pinipili at dapat na gamitin kapag may potensyal na paggamit ng mga bata na hindi napapangasiwaan. Ang isopropyl na mga sanitizer para sa kamay ay mas nakakalason at maaaring masipsip ng balat.
- Dapat na maipagbigay-alam sa mga kamper ang mariing rekomendasyon na mula sa Pampublikong Kalusugan na gamitin ang mga maskara sa lahat ng mga panloob na espasyo kapag nasa paligid ng iba.
- Ang mga bukal ng inuman (drinking fountains) ay maaaring magamit. Upang mapababa ang panganib ng sakit na Legionnaire at iba pang mga sakit na nauugnay sa tubig, gumawa ng mga hakbang para masigurado na ang lahat ng mga sistema at tampok ng tubig (hal., mga bukal na inuman, pangdekorasyong bukal) ay ligtas na gamitin pagkatapos ng mahabang pagsasara ng pasilidad. Kinabibilangan ito ng wastong pagbubuhos (flushing) at maaaring kailanganin ng karagdang mga hakbang sa paglilinis (kabilang ang pagdidisimpekta). Sumangguni sa Gabay ng CDC para sa Muling Pagbubukas ng mga Gusali Pagkatapos ng Mahabang Pagsasara o Binawasang Operasyon: <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/php/building-water-system.html>.
- Ang mga madalas na hawakang ibabaw tulad ng mga hawakan ng pinto, swits ng ilaw, hawakan ng lababo, ibabaw ng banyo, mesa at mga ibabaw sa mga sasakyang pangtransportasyon ay dapat na malimit na linisin.
- Kapag namimili ng mga produkto sa paglilinis, gamitin ang mga produkto na aprubadong gamitin laban sa COVID-19 na nasa aprubadong listahang “N” ng Environmental Protection Agency (EPA) at sundin ang mga tagubilin ng produkto. Ang mga produktong ito ay naglalaman ng mga sangkap na mas ligtas para sa mga indibidwal na may hika.
- Gumamit ng mga pandisimpekta na pinangalanang epektibo laban sa lumalabas na mga pathogen ng virus, sumusunod sa mga tagubulin ng tatak para sa naaangkop na grado sa pagkalabnaw at mga oras ng kontak. Bigyan ng pagsasanay ang mga empleyado sa mga panganib ng kemikal, tagubilin ng tagapagmanupaktura, at mga patakaran ng Cal/OSHA para sa ligtas na paggamit.
- Ang mga kawani sa pag-iingat na responsable sa paglilinis at pagdidisimpekta ng lugar ay dapat na binigyan ng wastong pamprotektang kagamitan, kabilang ang mga guwantes, proteksyon sa mata, proteksyon sa palahingahan, at iba pang naaangkop na pamprotektang kagamitan tulad ng inaatas ng mga tagubilin ng produkto. Dapat na itabi ang lahat ng mga produkto sa hindi maaabot ng mga bata at nakaimbak sa espasyo na may mahigpit na akses.
- Kapag naglilinis, pahanginan ang espasyo bago dumating ang mga kamper; magplanong gumawa ng masinsinang paglilinis kapag wala ang mga kamper. Kung gumagamit ng aircon, gamitin ang seting na nagpapasok ng sariwang hangin. Palitan at suriin ang mga panala ng hangin (air filters) at mga sistema sa pananala para masigurado ang pinakamahusay na kalidad ng hangin.
- Sundin ang Gabay ng CDPH sa COVID-19 at Pagpapabuti sa Kalidad ng Panloob na Hangin: <https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/COVID-19/COVID-19-and-Improving-Indoor-Air-Quality-in-Schools.aspx>. Ang epektibong bentilasyon ay isa sa mga pinakamahalagang paraan para makontrol ang transmisyong pamamagitan ng maliilit na butil (aerosols).
- Ang mga kampo na may panloob na lugar na palakasan ay dapat sumangguni rin sa DPH [Pinakamahuhusay na mga Gawi sa Pagpigil sa COVID-19 para sa Bentilasyon ng Dyimnasyum](#)
- Kung ang pagbubukas ng mga bintana ay makakasama sa kaligtasan o panganib sa kalusugan, isaalang-alang ang mga alternatibong estratehiya para sa pagpapabuti ng daloy ng hangin tulad ng pagpapalawig sa sentrong pananala ng hangin para sa mga sistema ng HVAC (nakatuong grado sa pananala na hindi bababa man lamang sa MERV 13).

SALAIN ANG MGA KAMPER

- Sanayin ang mga kawani at turuan ang mga kamper at kanilang mga pamilya sa kung kailan sila dapat manatili sa bahay at kung kailan sila makakabalik sa kampo. Aktibong hikayatin ang mga kawani at kamper na may sakit na manatili sa bahay.
- Mariing inirerekomenda na ang lahat ng mga dumadalo ay masala para sa mga sintomas ng COVID-19, pati na rin ang napag-alamang kamakailang malapitang pakikisalamuha sa kumpirmadong kaso ng COVID-19, bago ang pagdating sa pagbababaang lokasyon sa kampo o bago ang pagpasok sa kampo.
- Maaaring sumunod ang pasilidad sa [Mga Landas ng Desisyon para sa mga Sintomas sa mga TK-12 na Paaralan](#) para sa mga taong nasalang positibo para sa mga sintomas bago ang pagpasok sa pasilidad. Tanungin ang lahat ng mga indibidwal tungkol sa mga sintomas ng COVID-19 sa loob ng 24 na oras at kung may sinuman sa kanilang bahay ang nagkaroon ng positibong pagsusuri sa COVID-19. Ang pagsusuri sa mga sintomas ay isinasagawa bago maaaring pumasok sa pasilidad ang mga bisita. Ang pagsusuri ay dapat na kabilangan ng pagtatanong patungkol sa mga sintomas na tumutukoy sa posibleng impeksyon ng COVID-19 na nakalista sa Mga Landas ng Desisyon. Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin nang personal o sa pamamagitan ng mga alternatibong pamamaraan tulad ng mga sistema ng online check-in o sa pamamagitan ng [karatula](#) na nakapaskil sa pasukan ng pasilidad na nagsasaad na hindi dapat pumasok sa nasasakupang lugar (premises) ang mga bisita na may mga ganitong sintomas.
- Huwag isama ang sinumang bata, magulang, tagapag-alaga o kawani na nagpapakita ng mga sintomas na tumutukoy sa impeksyon ng COVID-19.
- Subaybayan ang mga kawani at kamper sa buong araw para sa mga palatandaan ng sakit; pauwiin ang mga kamper at kawani na may mga sintomas na tumutukoy sa impeksyon ng COVID-19. Ipadala ang mga tao sa naaangkop na medikal na pasilidad kaysa sa kanilang bahay kung kailangan.
- Isaalang-alang ang pag-aatas o mariing pagrerekomenda ng lingguhang pagsusuri sa COVID-19 para sa mga dumadalo at kawani sa panahon na sila ay dumadalo o nagtatrabaho sa kampo. Ang hindi niresetahang (over-the-counter o OTC) pagsusuri sa sarili ay katanggap-tanggap. Ang mga resulta ng OTC na ipinaalam sa pamamagitan ng sariling pag-uulat ay katanggap-tanggap kahit na walang magagamit na independyenteng pagpapatunay.
 - Mangyaring tandaan: Ang pananalang pagsusuri ay hindi inirerekomenda para sa mga taong gumaling na mula sa kumpirmadong COVID-19 sa loob ng nakalipas na 90 araw at may mga sintomas.

KUNG ANG MGA KAWANI O KAMPER AY MAGKAKASAKIT

- Tukuyin ang isang silid o lugar sa pagbubukod para ihiwalay ang sinuman na nagpapakita ng mga sintomas ng COVID-19. Ang malilim na panlabas na espasyo kung saan ang may sakit na tao ay mapapanatili ang distansya mula sa iba habang sila ay naghihintay na masundo para ibyahe pauwi ay isang napakahusay na opsyon.
- Siguraduhin na sila ay may suot na pang-operang maskara kung sila ay higit sa 2 taon ang edad at walang mga problema sa pagsusuot o pagtatanggal ng maskara o may mga isyu sa paghinga kapag may suot na maskara.
- Ang mga kamper o kawani na nagpapakita ng mga sintomas ay dapat na manatili sa silid o lugar ng pagbubukod hanggang sila ay maaari nang ibyahe pauwi o papunta sa isang pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan, sa lalong madaling panahon na praktikal.
- Magtatag ng mga pamamaraan para sa ligtas na pagbibyahe pauwi ng sinumang may sakit o papunta sa pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan, kung naaangkop. Tawagan ang 9-1-1 nang walang pagkaantala kung ang indibidwal ay magkakaroon ng tuloy-tuloy na sakit o presyon sa dibdib, pagkalito, o mangasul-ngasul na mga labi o mukha.
- Payuhan ang mga may sakit na miyembro ng kawani at mga kamper na huwag bumalik hanggang hindi nila natutuguan ang pamantayan sa pagbalik sa lugar ng kampo tulad ng binalangkas sa [Mga Landas ng Desisyon](#) para sa mga taong may sintomas (symptomatic).
- Sa oras na napagbigay-alam na ang miyembro ng kawani o kamper ay nasuring positibo sa COVID-19, inaatasan ang pasilidad na turuan ang nahawahang tao na ibukod ang kanilang mga sarili sa bahay at abisuhan ang lahat ng mga tao sa kampo na nalantad sa nahawahang tao. Mangyaring sumangguni sa [Plano ng Pamamahala sa Pagkakatantad sa TK-12 na nasa Pahina ng TK-12 Toolkit](#) para sa detalyadong gabay sa kung paano pangasiwaan ang kaganapan ng pagkakatantad na ito pagdating sa mga kaso, pagtukoy ng at mga aksyon para sa mga malapitang nakasalamuha, at mga pamamaraan sa pag-uulat at pag-aabiso. Ang mga pasilidad ay maaari ring sumangguni sa mga pahina ng gabay ng pampublikong kalusugan para sa [mga kaso at mga malapitang nakasalamuha](#) bilang karagdagan ng mapagkukunan.
- Para sa mga detalye [sa gabay para sa mga kawani, ang mga pasilidad](#) ay maaaring sumangguni sa [Gabay para sa Pagbabalik-trabaho ng mga Empleyadong may COVID-19](#).
- Inaatasan** ang mga pasilidad na abisuhan ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ang lahat ng mga kawani at kamper na may kumpirmadong COVID-19 na nasa lugar sa anumang punto sa loob ng 14 na araw bago magkasakit. Ang ligtas na pag-uulat

KAGAWARAN NG PAMPUBLIKONG KALUSUGAN NG LA COUNTY

UTOS NG OPISYAL NG KALUSUGAN



online ay ang pinipiling pamamaraan sa pag-aabiso sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng lahat ng mga pagkakalantad sa COVID-19 sa pasilidad at maaaring gawin sa kompyuter o mobile na aparato na may akses sa ligtas na aplikasyon ng web na SPOT (Shared Portal for Outbreak Tracing): https://spot.cdph.ca.gov/s/?language=en_US. Kung may maraming kasong iulat, maaaring isumite ng mga pasilidad ang kanilang mga ulat gamit ang "Bulk Upload Template" na matatagpuan sa loob ng SPOT Portal. Ang lahat ng kaso ng pag-aabiso ay dapat na isumite sa loob ng 1 negosyong araw ng pagkaabiso sa kaso. Sa kaganapan na 3 o mas marami pang positibong kaso sa COVID-19 ang natukoy sa 14 na araw na panahon, agad na abisuhan ang mga opisyal ng lokal na kalusugan gamit ang pamamaraan ng pag-uulat na inilarawan sa itaas. Makikipagtulungan ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa kampo para pagpasyahan kung ang tumpok ay isang pagsiklab na mangangailangan ng imbestigasyon ng pampublikong kalusugan. Ang mga nagpapakatibong ng kampo ay maaaring sumangguni sa [Pangangasiwa sa Pagkakalantad para sa mga TK-12 na Paaralan](#) para sa mga detalyadong patakaran at rekomendasyon patungkol sa pag-uulat at mga abiso.

- Ang mga kampo na nangangailangan ng tulong sa pag-uulat ng kaso sa COVID-19 o mga proseso sa pamamahala ng pagkakalantad ay maaaring kontakin ang ACDC-Education@ph.lacounty.gov o tawagan ang Sentro ng Tawagan sa Pag-uulat ng Kaso sa COVID-19 ng TK-12 na Paaralan, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00AM hanggang 5:00PM. Maaari ring makipag-ugnayan sa mga lugar ang ACDC-Education@ph.lacounty.gov para sa numero ng sentro ng tawagan para sa tulong sa pamamagitan ng telepono.
- Isarado ang mga panloob na espasyo na ginamit ng sinumang may sakit na tao at huwag muling buksan para gamitin bago ang paglilinis at pagdisimpekta. Kung posible, maghintay ng 24 na oras bago linisin at disimpektahin ang lugar.
- Siguraduhin ang ligtas at tamang paglalagay ng mga pandisimpekta gamit ang personal na pamprotektang kagamitan at bentilasyon na inirekomenda para sa paglilinis. Ilayo sa mga bata ang mga produkto sa paglilinis at pagdisimpekta.
- Sa pagkonsulta sa kagawaran ng lokal na pampublikong kalusugan, ang naaangkop na opisyal ng kampo ay maaaring isalang-alang kung kailangan ang pagsasara at ang haba ng oras ng pagsasara batay sa umiiral na antas ng panganib sa loob ng partikular na komunidad.

LIMITAHAN ANG PAGBABAHAGI

- Panatilihin nakahiwalay ang mga pag-aari ng kamper at nasa indibidwal na pinangalanang mga lalagyan sa pag-iimbak, kubiko o lugar.
- Tiyakin ang sapat na mga suplay para mabawasan ang pagbabahagi ng mga materyales na madalas mahawakan (mga suplay sa sining, kagamitan, atbp.) hanggang sa makakaya na praktikal.
- Iwasan ang pagbabahagi ng mga elektronikong aparato, damit, laruan, libro, at iba pang mga laro o tulong sa pag-aaral hangga't praktikal.

D. MGA HAKBANG SA PAKIKIPAG-KOMUNIKASYON SA PUBLIKO

- Panatilihin ang mga sistema ng komunikasyon na nagbibigay-daan sa mga kawani at pamilya na pansariling mag-ulat ng mga sintomas at tumanggap ng agarang mga abiso sa pagkakalantad at pagkakasara, habang nagpapanatili ng pagka-kumpidensyal.
- Ipinaskil ang kopya ng protokol na ito sa lahat ng mga pampublikong pasukan sa pasilidad. Dapat na magtabi ang mga pasilidad ng kopya ng mga Protokol sa mismong lugar sa pasilidad para sa pagrepaso, kung hihilingin.
- Nakapaskil ang karatula na nagpapaalala sa mga kawani ng kampo, dumadalo at bisita na ang pagsusuot ng mga maskara sa panloob na lugar ay mariing inirekomenda na nakahanay sa kasalukuyang mga utos ng opisyal ng kalusugan. Nakapaskil ang mga karatula na nagtuturo sa mga bisita na dapat silang manatili sa bahay kung may sakit na may mga sintomas sa palahingahan.
- Magbigay ng kopya o isangguni ang mga kawani at pamilya ng kamper sa [Payo sa Paglalakbay ng DPH](#).
- Ang mga bilihan (outlets) online ng establisyemento (website, social media atbp.) ay nagbibigay ng malinaw na impormasyon sa kaligtasan sa COVID-19.

E. MGA HAKBANG NA NAGBIBIGAY NG PANTAY NA AKSES SA MGA KRITIKAL NA SERBISYO

- Ang mga serbisyo na kritikal sa mga kamper ay binigyan ng prayoridad.
- Itinatag ang mga hakbang para siguruhin ang mga serbisyo para sa mga kamper na may mga limitasyon sa pagkilos at/o nasa mataas na panganib sa mga pampublikong espasyo.

**KAGAWARAN NG PAMPUBLIKONG KALUSUGAN NG LA COUNTY
UTOS NG OPISYAL NG KALUSUGAN**



Ang anumang mga karagdagang hakbang na hindi kasama sa itaas ay dapat na ilista sa mga hiwalay na pahina, na dapat ay ilakip ng negosyo sa dokumentong ito.

Maaari niyong kontakin ang sumusunod na tao kung may anumang mga katanungan o komento tungkol sa protokol na ito:

Pangalan ng Kontak ng
Negosyo:

Numero ng telepono:

Petsa na Huling Nirebisa:
